## Lesson 1

### USING COMMON EVERYDAY GREETINGS AND INQUIRIES

DIALOG: SA KLASE

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | |
|---|---|
| G. SANTOS: | |
| *Magandang umaga sa inyong lahat.* | Good morning to all of you. |
| MGA ESTUDYANTE: | |
| *Magandang umaga po naman.* | Good morning, sir. |
| G. SANTOS: | |
| *Kumusta kayo?* | How are you? |
| MGA ESTUDYANTE: | |
| *Mabuti po naman.* | We're fine, sir. |
| G. SANTOS: | |
| *Nasaan si John?* | Where is John? |
| BOB: | |
| *Wala po. May sakit po siya.* | He's not here, sir. He's ill. |

Formal titles of address are *Ginoong* (G.) for Mr.; *Ginang* (Gng.) for Mrs.; and *Binibining* (Bb.) for Miss.

MINI DIALOGS

1. Greetings: *Magandang umaga!* 'Good morning'!

**Vocabulary**

| | |
|---|---|
| *gabí* | evening |
| *hápon* | afternoon |
| *magandá* | pretty |
| *namán* | too, also |
| *po'* | respect particle |
| *tangháli'* | noon |
| *umága* | morning |

## Lesson 2

### EXTENDING GREETINGS, GIVING INSTRUCTIONS, AND TAKING LEAVE

DIALOG: SA ESKUWELAHAN

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | | |
|---|---|---|
| TED: | *Hoy, Ben, saan ka pupunta?* | Hey, Ben, where are you going? |
| BEN: | *Diyan lang sa tindahan.* | To the store. |
| TED: | *Linda, si Ben ito. (Kaibigan ko siya.)* | Linda, this is Ben. (A friend of mine.) |
| LINDA: | *Kumusta ka, Ben.* | How are you, Ben. |
| BEN: | *Mabuti naman. At ikaw?* | Fine. And you? |
| LINDA: | *Mabuti rin.* | Fine, too. |
| TED: | *O, sige, Ben, diyan ka na. Pupunta kami sa aklatan.* | Okay, Ben, we have to leave you. We're going to the library. |
| BEN: | *O, sige. Bay!* | All right. Bye! |

*Understanding the Dialog*

Read the line where:

1. Ted asks where Ben is going.
2. Ben says good-bye.
3. Ben inquires about Linda's well-being.
4. Ted introduces Ben to Linda.
5. Ben says he's going to the store.
6. Ted says he and Linda are going to the library.

**Cultural Notes**

1. *Kumusta* is derived from the Spanish 'como esta'.
2. A very common greeting in Tagalog is *Saan ka pupunta?* 'Where are you going'? or *Saan ka galing?* 'Where have you been'?

   This may be interpreted by foreigners as being a nosy question, but it is actually a very informal greeting equivalent to 'hello' or 'how are you' in English. The

# Lesson 3

## ASKING FOR TAGALOG EQUIVALENTS AND IDENTIFYING OBJECTS

DIALOG: ANO SA TAGALOG ANG ...?

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | |
|---|---|
| BILL: | |
| *Taga-Maynila ka pala.* | So you're from Manila. |
| MARSHA: | |
| *Oo, kadarating ko lang. Taga-Oregon ka pala.* | Yes, I have just arrived. So you're from Oregon. |
| BILL: | |
| *Taga-Oregon nga. Sa Eugene. Nag-aaral ako ng Tagalog. Puwede bang magtanong?* | That's right. From Eugene. I'm studying Tagalog. May I ask you a question? |
| MARSHA: | |
| *Sige, iyon lang pala.* | Sure, why not. |
| BILL: | |
| *Ano sa Tagalog ang "smile"?* | What is "smile" in Tagalog? |
| MARSHA: | |
| *Ngiti.* | "Ngiti." |
| BILL: | |
| *Paano mo sasabihin sa Tagalog ang "to smile"?* | How do you say "to smile" in Tagalog? |
| MARSHA: | |
| *"Ngumiti."* | "Ngumiti." |
| BILL: | |
| *Marsha, ang ganda mong ngumiti!* | Marsha, you smile beautifully! |
| MARSHA: | |
| *A ... e ... salamat!* | Oh ... ah ... thanks! |

*Understanding the Dialog*

Who is referred to in the following sentences?

1. Taga-Oregon siya.
2. Taga-Maynila siya.
3. Nag-aaral siya ng Tagalog.

# Lesson 4

## IDENTIFYING PERSONS AND OCCUPATIONS

DIALOG: SINO IYAN?

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | |
|---|---|
| MARSHA: | |
| *Sino iyan?* | Who is it? |
| MAX: | |
| *Si Max ito.* | It's Max. |
| MARSHA: | |
| *Max? Sinong Max?* | Max? Max who? |
| MAX: | |
| *Si Max na anak ni Dr. Garcia.* | Max, Dr. Garcia's son. |
| MARSHA: | |
| *Sinong Dr. Garcia?* | Which Dr. Garcia? |
| MAX: | |
| *Yong dentista...* | The dentist ... |
| MARSHA: | |
| *Teka...* | Wait ... |
| MAX: | |
| *Magkaklase tayo sa "grade school." Tiburcio ang tawag mo sa akin.* | We were classmates in grade school. You used to call me Tiburcio. |
| MARSHA: | |
| *(Opens the door) Max! Ikaw pala! Pasensya ka na. Natatakot ako dahil sa nag-iisa ako at may Boston Strangler na naman daw.* | Max! It's you! Please excuse me. I was afraid because I'm alone and they say there's a Boston strangler again! |
| MAX | |
| *Kasalanan ko. Dapat tumawag muna ako. Kumusta?* | My fault. I should have called first. How are you? |

## Lesson 5

### ASKING ABOUT A NEWCOMER

DIALOG: Bagong Kakilala

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | |
|---|---|
| JENNY: | |
| *Marsha, kilala mo pala si Ben. Taga-saan ba siya?* | Marsha, so you know Ben. Where is he from? |
| MARSHA: | |
| *Taga-California siya.* | He's from California. |
| JENNY: | |
| *Saan sa California?* | Where in California? |
| MARSHA: | |
| *Sa San Diego. Doon siya nakatira dati.* | From San Diego. He used to live there. |
| JENNY: | |
| *Marunong siyang mag-Tagalog. Saan ba siya ipinanganak?* | He can speak Tagalog. Where was he born? |
| MARSHA: | |
| *Sa Maynila.* | In Manila. |
| JENNY: | |
| *A, ganoon ba? E saan siya lumaki?* | Is that right? Where did he grow up? |
| MARSHA: | |
| *Sa San Francisco.* | In San Francisco. |
| JENNY: | |
| *Saan naman siya nakatira ngayon?* | Where does he live now? |
| MARSHA: | |
| *Dito na sa Honolulu.* | Here in Honolulu. |
| JENNY: | |
| *Naku! Ang dami niyang napuntahan!* | Wow! He's been to a lot of places! |
| MARSHA: | |
| *O, sige, Jenny, nagmamadali ako.* | Okay, Jenny, I'm in a hurry. |

# Lesson 6

## DESCRIBING WITH COLORS, NUMBERS, AND SHAPES

DIALOG: HULAAN MO

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| Speaker | Tagalog | English |
|---|---|---|
| BEN: | *Bob, may nasa isip ako. Hulaan mo.* | Bob, I am thinking of something. Guess what it is. |
| BOB: | *Tao ba?* | Is it a person? |
| BEN: | *Hindi.* | No. |
| BOB: | *Hayop ba?* | An animal? |
| BEN: | *Hindi.* | No. |
| BOB: | *Metál ba?* | Metal? |
| BEN: | *Oo, pero meron ding hindi metal.* | Yes, but there are some that are not metal. |
| BOB: | *Puti ba ang kulay nito?* | Is it white? |
| BEN: | *Oo, pero meron ding hindi puti.* | Yes, but some aren't white. |
| BOB: | *Bilog ba ang hugis nito?* | Is it round? |
| BEN: | *Oo, pero meron ding hindi bilog.* | Yes, but some aren't round. |
| BOB: | *Hmmm. Mahirap yata iyan.* | Hmmm. That is difficult. |

## Lesson 7

### DESCRIBING PEOPLE, OBJECTS, FOOD, AND NATURE

DIALOG: BAGONG KAKLASE

*Makinig at Intindihin* (Listen and Understand):

| | |
|---|---|
| BOB: | |
| *Balita ko may bago kang kaklase.* | I heard you have a new classmate. |
| MALOU: | |
| *Oo! Galing sa Pilipinas.* | Yes, from the Philippines. |
| BOB: | |
| *Pilipinas? Gusto mo ba siya?* | The Philippines? Do you like this person? |
| MALOU: | |
| *Oo! Masaya siya at mahusay magdamit.* | Yes. This person is cheerful and dresses well. |
| BOB: | |
| *Talaga?* | Really? |
| MALOU: | |
| *Oo. At magaling pa siyang sumayaw.* | Yes. And the person also dances well. |
| BOB: | |
| *Baka bobo.* | Probably stupid. |
| MALOU: | |
| *Hindi! Marunong nga, eh.* | No. Intelligent, in fact. |
| BOB: | |
| *Ipakilala mo ako kaagad!* | Introduce me at once. |
| MALOU: | |
| *Oo. Kaya lang ...* | Yes. But ... |
| BOB: | |
| *Ano iyon?* | What is it? |
| MALOU: | |
| *Lalake siya.* | He's a guy. |

# Lesson 8

## GIVING AND FOLLOWING INSTRUCTIONS

MAKINIG AT SUMUNOD (Listen and Follow)

1. Using pictures of stick figures in action as cues, your teacher gives the following commands to the class. The class acts out the commands.

| Action | Command |
|---|---|
| 'Sit' | *Umupo kayo.* |
| 'Stand' | *Tumayo kayo.* |
| 'Walk' | *Lumakad kayo.* |
| 'Run' | *Tumakbo kayo.* |
| 'Jump' | *Tumalon kayo.* |
| 'Sing' | *Kumanta kayo.* |
| 'Dance' | *Sumayaw kayo.* |
| 'Read' | *Bumasa kayo.* |
| 'Write' | *Sumulat kayo.* |
| 'Leave' | *Umalis kayo.* |
| 'Eat' | *Kumain kayo.* |
| 'Cry' | *Umiyak kayo.* |
| 'Laugh' | *Tumawa kayo.* |
| 'Turn around' | *Umikot kayo.* |
| 'Kneel' | *Lumuhod kayo.* |
| 'Shout' | *Sumigaw kayo.* |
| 'Drink' | *Uminom kayo.* |
| 'Count' | *Bumilang kayo.* |

2. Take turns giving commands to the class. The class acts out the commands.

MINI-DIALOGS

1. Giving commands: *Umupo ka* 'Sit down'.

**Vocabulary**

| | | | |
|---|---|---|---|
| *tumayó'* | stand | *lumákad* | walk |
| *tumalón* | jump | *tumakbó* | run |
| *lumabás* | go out | | |

**Practice**

| Command | Response |
|---|---|
| *Tumayo ka.* | (Student stands.) |

<u>**Lesson 9**</u>

## TALKING ABOUT DATES AND EVENTS

DIALOG: KAARAWAN NI PERLA

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ALAN: | |
| *Kumbidado tayo sa "birthday party" ni Perla.* | We are invited to Perla's birthday party. |
| BOB: | |
| *Saan?* | Where? |
| ALAN: | |
| *Sa bahay nila, sa Kalihi.* | At their house in Kalihi. |
| BOB: | |
| *Kailan?* | When? |
| ALAN: | |
| *Sa a-dos ng Nobyembre.* | On November 2. |
| BOB: | |
| *Ilang taon na ba siya?* | How old is she now? |
| ALAN: | |
| *Labing-anim.* | Sixteen. |
| BOB: | |
| *Aba, pareho pala kami ng edad!* | Why, we are the same age! |
| ALAN: | |
| *Talaga? Anong taon ka ba ipinanganak?* | Really? When were you born? |
| BOB: | |
| *Noong 1967.* | In 1967 |
| ALAN: | |
| *O, ano, puwede ka ba?* | Well, can you make it? |
| BOB: | |
| *Anong araw ba iyon?* | What day is that? |
| ALAN: | |
| *Linggo. Alas-kuwatro ng hapon.* | Sunday. Four in the afternoon. |
| BOB: | |
| *O, sige. Pupunta ako.* | Okay. I'll go. |

# Lesson 10

## INQUIRING AND EXPLAINING ABOUT ABSENCES, EXCUSES, AND AILMENTS

DIALOG: MASAKIT ANG ULO

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| BOB: | |
| *Malou, bakit ka tahimik na tahimik diyan?* | Malou, why are you so quiet? |
| MALOU: | |
| *Masakit ang ulo ko, eh.* | My head aches. |
| BOB: | |
| *Pareho na lang tayo. Kasi napaka-init ngayon.* | The same with me. It's because it has been too hot. |
| MALOU: | |
| *Lalo na sa "downtown." Naglakad ako nang naglakad. Sumakit ang paa ko. Maya-maya'y umakyat ang sakit sa ulo ko.* | Especially downtown. I walked and walked. My feet ached. After a little while, the pain went up to my head. |
| BOB: | |
| *Humanap tayo ng aspirina.* | Let's look for some aspirin. |
| MALOU: | |
| *Mabuti pa nga yata. Pero maglalakad na naman tayo. Sasakit ulit ang paa ko.* | Good idea. But we're going to walk again. My feet will ache again. |
| BOB: | |
| *Kung bubuhatin naman kita, sasakit ang likod ko at braso.* | If I carried you, my back and arms would ache. |
| MALOU: | |
| *Maupo na lang tayo rito at tiisin natin ang sakit ng ating ulo.* | Let's just sit down here and endure our headaches. |

*Mga Tanong.*

1. Sino ang tahimik na tahimik?
2. Bakit?

# Lesson 11

## INTRODUCING MEMBERS OF THE FAMILY

DIALOG: ANG PAMILYANG SANTOS

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| MARIE: *Hoy, Fred, ano iyang dala mo?* | Hey, Fred, what do you have there? |
| FRED: *Retrato ng pamilya ko.* | Our family portrait. |
| MARIE: *Patingin nga. Sino ito?* | Let me see. Who's this? |
| FRED: *Yan ang nanay ko.* | That's my mother. |
| MARIE: *Ito ba ang tatay mo?* | Is this your father? |
| FRED: *Oo, iyan nga. At ito naman ang lolo at lola ko.* | Yes, that's him. And these are my grandfather and grandmother. |
| MARIE: *Ilan ang kapatid mo?* | How many brothers and sisters do you have? |
| FRED: *Dalawa lang. Ito si Mary, ang ate ko. At ito ang bunso namin, si Henry.* | Only two. This is Mary, my elder sister. And this is our youngest, Henry. |

MINI-DIALOGS

1. Identifying members of the family: *Sino iyan?* 'Who's that'?

**Vocabulary**

| | |
|---|---|
| *áte* | elder sister |
| *anák (ng kapatíd ko)* | child (of my brother/sister); nephew/niece |
| *asáwa (ng kapatíd ko)* | spouse (of my brother/sister); brother-in-law/sister-in-law |

## Lesson 12

### OWNERSHIP

DIALOG: SA "BUS STOP"

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ANDY: | |
| *Alin ba ang bus natin?* | Which one is our bus? |
| BELEN: | |
| *Yung may "signboard" na numero kuwatro.* | The one with the number four signboard. |
| ANDY: | |
| *O, heto na.* | Here it comes. |
| BELEN: | |
| *O, sige, sumakay na tayo at aalis na.* | Come on, let's get on before it leaves. |
| ANDY: | |
| *Oo nga. Naku, ang bigat naman nitong bag. Kanino ba ito? Ano ba ang laman nito?* | All right. Oh, this bag is so heavy. Whose is it? What's inside? |
| BELEN: | |
| *Akin iyan. Mga mangga iyan para sa guro natin sa eskuwela.* | That's mine. Those are mangoes for our schoolteacher. |

*Mga Tanong*

1. Alin ang bus nila?
2. Ano ang mabigat?
3. Kaninong bag iyon?
4. Ano ang laman ng bag?
5. Para kanino ang mangga?
6. Mga guro ba sina Andy at Belen?

MINI-DIALOGS

1. Identifying possessions: *Alin ang* 'Which (one)

**Vocabulary**

| | |
|---|---|
| *papél* | paper |
| *bólpen* | ballpoint pen |

## Lesson 13

### EXPRESSING AND INQUIRING ABOUT LIKES AND DISLIKES

DIALOG: SA MABUHAY RESTAURANT

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ANDOY: | |
| *Ano ba ang ulam ngayon?* | What's the menu for today? |
| WEYTRES: | |
| *Pansit, lumpiya, adobong manok at baboy, pritong isda, sinigang at pinakbet po.* | Noodles, *lumpiya*, chicken and pork *adobo*, fried fish, tamarind stew, and *pinakbet*, sir. |
| ANDOY: | |
| *Ah, gusto ko ng adobo at pansit.* | Ah, I want *adobo* and noodles. |
| WEYTRES: | |
| *Iyon lang ho ba?* | Is that all, sir? |
| ANDOY: | |
| *Gusto ko rin ng kanin at "coke."* | I also want rice and coke. |
| WEYTRES: | |
| *O, heto ho.* | Here it is. |
| ANDOY: | |
| *Magkano bang lahat?* | How much is it? |
| WEYTRES: | |
| *Singko-singkuwenta po.* | Five-fifty, sir. |
| ANDOY: | |
| *Heto ang bayad at "tip" mo.* | Here's the payment and your tip. |
| WEYTRES: | |
| *Salamat po.* | Thank you, sir. |

*Mga Tanong*

1. Ano ang ulam sa restaurant?
2. Ano ang gusto ni Andoy?
3. Magkano ang pagkain ni Andoy?
4. Mura ba o mahal?
5. Nagbigay ba ng "tip" si Andoy?

<u>Lesson 14</u>

## MAKING REQUESTS AND GIVING COMMANDS

DIALOG: PAKI NGA

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| MALOU: | |
| *Pakiabot nga ng ketsup, Bob.* | Please pass the catsup, Bob. |
| BOB: | |
| *Heto.* | Here it is. |
| MALOU: | |
| *Salamat. At saka yung asin.* | Thanks. And the salt, too. |
| BOB: | |
| *Eto.* | Here it is. |
| MALOU: | |
| *Salamat. Paki-urong ang plato mo at wala na akong lugar. Nasaan ang paminta?* | Thanks. Will you please move your plate as I don't have any more space. Where's the pepper? |
| BOB: | |
| *Eto.* | Here it is. |
| MALOU: | |
| *Salamat. Pakilagay itong tinapay diyan.* | Thanks. Will you please put the bread there? |
| BOB: | |
| *Malou! Hindi na ako makasubo! Ano ka ba!* | Malou! I can't feed myself anymore! What's the matter with you? |

*Mga Tanong*

1. Ano ang kinakain nina Bob at Malou, almusal o tanghalian?
2. Anu-ano ang hiningi ni Malou?
3. Nagalit ba si Bob? Bakit?

MINI-DIALOGS

1. Making requests: *Pakiabot nga ng . . .*
   'Please pass the . . .'

# Lesson 15

## EXPRESSING THE DESIRABILITY OR UNDESIRABILITY OF SOME ACTIVITIES

DIALOG: ANG KARNABAL

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ARNOLD: | |
| *Gusto mo bang magpasyal sa karnabal?* | Would you like to go to the carnival? |
| BARBARA: | |
| *Ayoko, marami akong trabaho.* | No, thanks. I have a lot of work to do. |
| ARNOLD: | |
| *Sige na. Maraming palabas doon.* | Come on. There are a lot of shows there. |
| BARBARA | |
| *Sori na lang. Talagang hindi ako puwede. Bisingbisi ako.* | Sorry. I really can't. I'm very busy. |
| ARNOLD: | |
| *Sige, ha, ganyan ka pala. Ayoko na sa iyo.* | Oh, that's how you always are. I don't like you anymore. |

*Mga Tanong*

1. Sino ang gustong magpasyal sa karnabal?
2. Gusto bang sumama ni Barbara? Bakit?
3. Bakit sinabi ni Arnold na ayaw na niya kay Barbara?

MINI-DIALOGS

1. What someone wants or does not want to do:

| | |
|---|---|
| *Gusto/ayaw kong lumangoy* | 'I want/don't want to swim'. |

**Vocabulary**

*-Um-* verbs

| | | | |
|---|---|---|---|
| *uminóm* | to drink | *umupó'* | to sit |
| *kumáin* | to eat | *tumayó'* | to stand |

<u>Lesson 16</u>

## EXPRESSING WHAT ONE WANTS OR DOESN'T WANT TO DO WITH SOMETHING

DIALOG: ANG "PARTY"

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ROSA: | |
| *Mario, gusto kong hiramin ang mga plaka mo. Puwede ba?* | Mario, I'd like to borrow your records. Is it all right with you? |
| MARIO: | |
| *Oo, basta ikaw. Bakit?* | Sure, as long as it's you. Why? |
| ROSA: | |
| *Gusto naming mag-"party" sa Sabado. Gusto mo bang pumunta?* | We want to have a party on Saturday. Would you like to come? |
| MARIO: | |
| *Hindi puwede. May trabaho ako.* | I can't. I have work to do. |
| ROSA: | |
| *Pahiram ng "records." Isasauli ko sa Linggo.* | Lend me your records. I'll return them on Sunday. |
| MARIO: | |
| *Sige. Kunin mo sa bahay.* | Sure. Pick them up at home. |
| ROSA: | |
| *Ilagay mo sa kahon, ha?* | Put them in a box, please. |

*Mga Tanong*

1. Ano ang gustong hiramin ni Rosa?
2. Nagpahiram ba si Mario?
3. Sino ang gustong mag-"party"?
4. Pupunta ba si Mario? Bakit?
5. Kailan ang "party"?
6. Saan kukunin ang plaka?
7. Kailan isasauli ang plaka?

# Lesson 17

## TELLING TIME

DIALOG: ANONG ORAS NA?

*Makinig at Intindihin:*

ANA:
*Anong oras na?* — What time is it?

JOHN:
*Alas otso.* — Eight o'clock.

ANA:
*Naku, huli na tayo!* — Gosh, we're late!

JOHN:
*Hindi, maaga pa.* — No, it's still early.
*Wala tayong klase sa Ingles ngayon.* — Our English class won't meet today.

ANA:
*Ah, oo nga pala.* — Oh, that's right.
*Wala si G. Santos.* — Mr. Santos isn't around.

*Mga Tanong*

1. Sino ang nagtanong ng oras?
2. Anong oras na?
3. Huli na ba si Ana?
4. Bakit?
5. Bakit kaya wala si G. Santos?

MINI-DIALOGS

1. Asking what time it is:
   *Anong oras na?* 'What time is it'?

**Vocabulary**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1:00 | *alá úna* | 7:00 | *alás siyéte* |
| 2:00 | *alás dos* | 8:00 | *alás ótso* |
| 3:00 | *alás tres* | 9:00 | *alás nuwébe* |
| 4:00 | *alás kuwátro* | 10:00 | *alás diyés* |
| 5:00 | *alás síngko* | 11:00 | *alás ónse* |
| 6:00 | *alás saís* | 12:00 | *alás dóse* |

## Lesson 18

### TALKING ABOUT PAST EVENTS

DIALOG: MAGSINE TAYO

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| BERT: *Tena, magsine tayo mamayang gabi.* | Come. Let's see a movie tonight. |
| BOB: *Saan?* | Where? |
| BERT: *Diyan sa Sine Liberty.* | At the Liberty Theater. |
| BOB: *Ano ba ang palabas?* | What's showing? |
| BERT: *Tagalog daw, "Ibong Adarna."* | A Tagalog movie, "Ibong Adarna." |
| BOB: *Baka hindi natin maintindihan.* | We might not be able to understand it. |
| BERT: *Bahala na.* | We'll see. |

*Mga Tanong*

1. Sino ang gustong magsine?
2. Saan sila manunood?
3. Ano ang palabas?
4. Mga Tagalog ba sina Bert at Bob? Bakit?
5. Bakit gusto nilang manood ng pelikulang Tagalog?

MINI-DIALOGS

1. Giving instructions using *mag-/ma-/mang-* verbs: *Magbasa kayo.* 'You, (pl.) read'.

**Vocabulary**

| | |
|---|---|
| *mag-áral* | study |
| *magbasá* | read |
| *magsulát* | write |

<ins>Lesson 19</ins>

## TALKING ABOUT COMING EVENTS

DIALOG: ANG BAKASYON

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| ANA: | |
| *Aalis ka ba sa bakasyon?* | Are you going away this vacation? |
| BOB: | |
| *Siguro. Hindi ko pa alam.* | Maybe. I don't know yet. |
| ANA: | |
| *Saan ka pumunta noong isang taon?* | Where did you go last year? |
| BOB: | |
| *Sa San Francisco.* | To San Francisco. |
| ANA: | |
| *Bakit hindi ka pumunta sa Los Angeles naman.* | Why don't you go to Los Angeles this time? |
| *Malapit ang Disney-land doon.* | Disneyland is nearby. |
| BOB: | |
| *Magandang ideya iyan. Sasama ka ba?* | That's a good idea. Will you come along? |
| ANA: | |
| *Kung may pera.* | If I have the money. |

*Mga Tanong*

1. Saan pupunta si Bob sa bakasyon niya?
2. Saan siya pumunta noong isang taon?
3. Sasama ba si Ana sa Los Angeles?

MINI-DIALOGS

1. Talking about coming events using *-um-* verbs:

   *Ano ang gagawin mo?* 'What are you going to do'?

# Lesson 20

## TALKING ABOUT HABITUAL ACTIVITIES OR ONGOING EVENTS

DIALOG: ANG PALABAS

*Makinig at Intindihin:*

| | |
|---|---|
| MALOU: *Oy, Bob, hindi na kita nakikita.* | Hey, Bob, I don't see you around anymore. |
| BOB: *Sumasama kasi ako kay Mary sa Hilton.* | I go with Mary to the Hilton. |
| MALOU: *Bakit?* | Why? |
| BOB: *Kumakanta siya at tumutugtog ng gitara sa Maile Room.* | She sings and plays the guitar at the Maile Room. |
| MALOU: *Bakit kasama ka?* | Why are you with her? |
| BOB: *Gabi na kung matapos ang palabas niya.* | It's late by the time her show ends. |
| MALOU: *Ano naman ang ginagawa mo habang naghihintay ka?* | What do you do while you're waiting? |
| BOB: *Umiinom, sumasayaw. Pag pagod na ay ngumingiti na lang ako.* | I drink, dance. When I'm tired, I just smile. |
| MALOU *Mahirap ang trabaho mo.* | Your job is difficult. |
| BOB: *Oo. Pero masaya naman ang gabi ko.* | Yes. But my nights are a lot of fun. |